

Pananampalataya – Pangalawang Bahagi

~Mamuhay Tayo Ayon sa Biyaya ng Pananampalataya ~

✧ Paul Otsuka Yoshinao, Obispo ng Kyoto

► Ang Rosaryo

Noong 2011, ginawang tema ng Diyosesis ng Kyoto ang ‘Pananampalataya’ upang masuri ng mga Kristiyano ang kanilang pananampalataya na nagmumula sa kanilang kalooban at upang, sa pagtugon sa tawag ng Diyos ay ‘Tunay ang Pananampalataya’, sila ay magiging ‘Tunay na Mananampalataya’. Sa taong ito gusto kong pagtuunan ng pansin ang Rosaryo bilang daan sa pagpapalalim ng ating buhay bilang mga saksi sa ating pananampalataya.

Ang Rosaryo ay isang dasal na naglalaman ng kabuoan ng mensahe ng Bibliya sakop ang kalaliman nito. Nagkataon pa na , ang taong kasalalukuyan ay nagtatakda ng ika-sampung anibersaryo ng pagpapahayag ni Juan-Paulo II noong Oktubre 16, 2002 ng kanyang Sulat Apostolika, “*Rosarium virginis mariae*”, tungkol sa pinaka-sagradong Rosaryo. Sa sulat na yon, nagmungkahi ang Papa na idagdag sa Rosaryo ang ‘Misteryo ng Liwanag,’ nang mapagninilay-nilayan natin ang mahahalagang pangyayari sa publikong buhay ni Kristo mula ng siya ay binyagan hanggang sa kanyang pasyon ng buhay. Dinarasal na natin ngayon ang ‘Mga Misteryo ng Tuwa’ (misteryo ng pagkakatawang tao) tuwing Lunes at Sabado, ang ‘Mga Misteryo ng Liwanag’ tuwing Huwebes, ang ‘Mga Misteryo ng Hapis’ tuwing Martes at Biyernes, at ang ‘Mga Misteryo ng Luwalhati’ tuwing Miyerkoles at Linggo.

Sa Sulat Pastoral para sa Bagong Taon noong nakaraang taon, ipinahayag ko sa pamamagitan ng labing-isang katanungan ang labing-isang gawain ng ‘Kamalayan ng Pananampalataya’. Sa taong kasalukuyan, sinubukan kong iugnay itong kamalayan ng pananampalataya sa limang meditasyon sa bawa’t isa sa apat na grupo ng mga Misteryo ng Rosaryo. Sa tingin ko, sa pagdarasal ng Rosaryo, habang isa-isang pinagninilay-nilayan ang bawa’t kahilingan sa pamamagitan ng ating Ina (ng Sto. Rosaryo’) dapat tayong magkaroon ng mga napaka-praktikal na pamamaraan sa pagsasabuhay ng ating pananampalataya.

Ang Rosaryo ay hindi lamang dasal para sa pansariling pagninilaynilay. Ito ay

panalangin na nagdudulot ng kamalayan ng pagiging kaisa ni Maria sa mga taong nakapaligid sa atin, na nakadarama ng pangangailangan na magdasal dahil sa mga nangyayari sa pamilya, sa lipunan, o sa bansa, o yung nakakaapekto sa buong sangkatauhan. Dahil dito, kapag tayo ay nagdarasal ng Rosaryo kasama ni Maria, ito ay nagiging dasal ng pakiki-isa sa mga taong nagdurusa. Lalo na sa taong kasalukuyan, ialay natin ang Rosaryo para sa pakikiisa, sa mga naghihirap dahil sa Lindol sa Silangang Hapon at sa aksidente sa Fukushima Nuclear power station, upang matulungan sila sa kanilang pag-ahon sa hirap na dinaranas.

“Sumampalataya ako, kung kaya't nakapagsalita ako.” (2 Korinto 4:13) ⁽¹⁾

**1. Ang Karanasan ng Pananampalataya: Ipahayag natin sa mga Tao ang Ating Pagkatagpo kay Kristo
(Isang Personal na Pagmalay ng Pananampalataya)**

Simula sa saya na matatagpuan sa mga pangyayaring bumabalot sa Pagkakatawang Tao, ang ‘Mga Misteryo ng Tuwa’ ay isang pagmumunimuni sa nakatagong buhay ni Hesus. Sa mga pahina ng Ebanghelyo, natatagpuan natin si Kristo na naging tao. Ito ang paraan upang maisabuhay natin ang natagpuan nating Kristo sa ating pakikipanayam sa mga taong nasa ating paligid.

Maging saksi tayo sa ating pananampalataya sa pagsasabi ng ‘Oo’ sa panawagan ng Diyos.

▷Ang Unang Misteryo ng Tuwa: Tinanggap ni Maria ang Pagbabalita

Sa pamamagitan ng pananampalataya tumugon si Maria sa anghel, ‘Narito ang alipin ng Panginoon, maganap nawa sa akin ayon sa wika Mo’ at siya’y naniwala sa sinabi sa kanya. Tayo rin ay makakapag bigay linaw sa ating pasya na mabuhay ayon sa kagustuhan ng Diyos sa pamamagitan ng pagpapahayag sa lipunan ng ating pananampalataya. Ito ang simula ng pagpapalaganap ng Mabuting Balita sa bawat mananampalataya.

Mamuhay tayo bilang mga saksi sa Pagkabuhay Muli ng Panginoon.

▷Ang Ikalawang Misteryo ng Luwalhati: Ang Pag-akyat ni Hesus sa Langit

Ang mga misteryo sa Luwalhati, na napagtagumpayan ang kadiliman ng pasyon ni Kristo, ay nagbabaling sa ating mga puso patungo sa kaluwalhatian ng kanyang muling Pagkabuhay at Pag-akyat sa Langit. Ibahagi natin hindi lamang ang ideyalistikong mga salita ni Hesus, bagkus buong puso nating ibahagi ang katotohanang ang muling nabuhay na si Kristo ay kasama na natin ngayon, na mararanasan natin ang kanyang tunay na pagkabuhay sa pagsasabuhay ng mga tao, maging sa kanilang pang-araw-araw na buhay. Ang pagiging saksi sa Pagkabuhay ni Kristo ay ang pagsasalin ng pananampalataya sa gawa.

2. Ang Pagdarasal, Ang Salita, Isang Bagong Kasiglahan

(Isang Mapagtuklas na Kamalayan ng Pananampalataya)

Pagsaksi kay Kristo sa pamamagitan ng Pagharap sa Anak ng Diyos batay sa Espiritu ng Pagsamba

▷ Ang Ikatlong Misteryo ng Tuwa: Ang Panganganak ni ni Maria kay Hesus

Ang kamalayan ng pananampalataya ay isang damdamin ng pagtuklas sa kagustuhan ng Diyos. Kapag tayo ay naghahanda ng ating kalooban at seryosong humaharap kay Hesus, binubuksan ng Panginoon ang kanyang sarili sa ating mga naiisip. Sa ating dasal, o kung nararamdaman natin nang taimtim ang Salita ng Diyos, nadadama natin ang katotohanang umiiral si Kristo at ang damdaming bumubukal sa kanya ay tunay. Dahil ito ay tunay, malamang na maipapasa ito sa ibang tao. Hayaang magpasya ang bawa't isa sa atin na maging saksi sa isang pananampalataya ayon sa naranasang pakikipagniig kay Kristo.

Paghahanap kay Hesus sa ating pang-araw-araw na Buhay

▷ Ang Ikalimang Misteryo ng Tuwa: Natagpuan ni Maria si Hesus

Nung matagpuan nina Maria at Jose ang labin-dalawang taong batang si Hesus sa Templo, hindi nila nauwaan ang kanyang sinabi (Lukas 2:50). Ang kamalayan ng pananampalataya ay ang kakayahang mag-isip na ginagamit natin 'kapag nakikita natin ang mga bagay na maaaring hindi makita.' Sa pamamagitan ng kapangyarihan ng kaisipan ang mga 'hudyat' ay nakikilala at ipinaaabot sa atin. Kung ang ganitong pakiramdam ay hindi nagagamit, ito ay pumupurok at ang

ating buhay-pananampalataya ay nagiging matigas. Harapin natin ang hamon ng tawag ng Diyos nang may 'bagong sigla o silakbo ng damdamin' na sinabi sa 'Bagong Ebanghelisasyon'.

3. Pagpapalalim ng ating tiwala sa Panginoon sa karaniwang mga pangyayari (Isang maramdaming kamalayan ng pananampalataya -

Ang katotohanang maaari 'malaman' ng tao ang misteryo ng Diyos sa pamamagitan ng ating personal na relasyon na puno ng pagmamahal, ay naayon sa kanilang kamalayan ng pananampalataya. Imbes na karunungan sa Diyos na maaaring minsan ay naipapahayag sa malinaw na mga konsepto, mas gusto ko pa ang mga kaisipan tungkol sa Diyos na nararamdaman (intuitive) lamang at hindi maipahiwatig sa salita. Kaya kapag ipinapaliwanag sa iba ang pananampalataya, mabuting ipahiwatig ito sa pamamagitan ng pagpapaliwanag tungkol sa sariling buhay.

**Na may pusong bukas upang manalig sa Panginoon, palalimin natin ang
ating pananampalataya kay Hesus**

- ▷ Ang Ikalawang Misteryo ng Liwanag: Ang Unang Hudyat ni Hesus sa Handaan sa Kasalan sa Cana

Napansin ni Maria na 'Wala silang alak'. Kapag titingnan natin ang mga pangyayari sa paligid natin na may espiritu ng pananampalataya at pagmamahal, nakakaharap natin si Kristo na nagpapakita ng Kagustuhan ng Diyos. Si Maria, na nagtitiwala sa kanyang Anak, ay nagbigay sa atin ng huwaran sa pagsunod (model of obedience). Kapag tayo din ay naniniwala na ang lahat ng bagay at pangyayari sa mundong ito ay may kahulugan, kinikilala natin ang ating sariling buhay bilang isa sa mga nagawa ni Kristo na nagdala ng kaligtasan. Ibigay ang tiwala sa Diyos, at maging daan tayo para sa kaligtasan sa ating araw-araw na buhay.

4. Sa Pamamagitan Niya, Kasama Niya at sa Kanya (Isang Maka-Kristong kamalayan ng Pananampalataya)

Ang pinakahuling layunin ng kamalayan ng pananampalataya ay ang Tatlong Persona ng Diyos (Triune God). Ang unang batayan ng kamalayan ng

pananampalataya ay si Hesukristo. Sa pinaka-puso nito ay ang Rosaryo na isang panalangin na naglalagay kay Kristo sa sentro.

Maging saksi tayo sa Bibliya sa pamamagitan ng pagtugon sa paanyaya ni Hesus sa taos-pusong pagsisisi.

- ▷ Ang Ikatlong Misteryo ng Liwanag : Ang Pagpapahayag ni Hesus sa Pagdating ng Kaharian ng Diyos at Pag-aanyaya sa mga Tao na magbalik-loob.

Ipinahayag ni Hesus ang Ebanghelyo, nguni't para sa atin ang paniniwala sa Mabuting Balita ay ang pagtanggap kay Hesukristo. Ang matapat na pagsisisi ay nakapagpapabago ng paraan ng ating pag-iisip, nag-aayos ng ating mga opinyon, nakapagpapabago ng puso tungo sa maayos na direksyon ng buhay. Ang pagyakap sa Mabuting Balita ni Kristo ng buong puso ay unang hakbang sa ating pagiging saksi.

Magdasal tayo para sa biyaya ng Pagkamatay kasama ang Panginoon at makisangkot sa Kanyang Muling Pagkabuhay

- ▷ Ang Unang Misteryo ng Luwalhati: Si Hesus ay muling Nabuhay

“Gusto kong makilala si Kristo—oo, ang makilala ang kapangyarihan ng kanyang muling pagkabuhay at ang pagkikilahok sa kanyang paghihirap, na nagiging katulad niya sa kanyang pagkamatay, at nang makamit ang pagkabuhay mula sa kamatayan.” Upang makibahagi sa muling pagkabuhay, ang layunin ni Pablo ay mawala ang kanyang dating sarili at magkaroon ng bagong buhay. ‘Ang Pagiging Tulad ni Kristo (*Imitatio Christi*) ay ang pagtulad ng iyong bagong sarili kay Kristo. Gayundin naman gawin Siyang huwaran , sa mga praktikal at konkretong paraan, sa loob ng pang-araw-araw na buhay.

**5. Mula sa pagtanggap ng mga sakramento hanggang sa pagsasabuhay ng mga sakramento
(Isang Makasakramentong kamalayan ng pananampalataya**

Sa pitong sakramento (Binyag, Kumpil, Eukaristiya, Ang Sakramento ng Kumpisal, Kasal, Ordinasyon, Ang Sakramento ng Pagbababas sa May Sakit) maraming pangsagip na biyaya ng Diyos ang naibibigay. Nguni't hindi nagtatapos

sa pagtanggap ng sakramento ang mga bagay-bagay: kailangan nating isabuhay ang mga biyayang iyon. Ang kamalayan sa pananampalataya ang magtutulak sa atin upang hindi masyang ang mga handog na biyaya sa sacramento.

**Nagpapasalamat sa Biyaya ng Binyag, Pinapatnubayan ng Espiritu Santo,
Mamuhay Tayo bilang mga Anak ng Diyos**

▷ Ang Unang Misteryo ng Liwanag: Tinanggap ni Hesus ang Binyag sa Ilog Jordan

Tinanggap ni Hesus ang Binyag mula kay Juan Bautista upang maipakita sa lahat ng tao bilang kanyang mga kapatid ang pagmamahal ng Ama. Bilang mga Kristiyano na tumanggap ng Binyag at alam na ang 'isip ni Kristo' (Korinto 2:16) bilang Kanyang mga kapatid, ipahayag natin sa lahat ng tao ang halaga at saya ng pamumuhay bilang anak ng Diyos.

**Habang Iniisip ang Pagtingin nang may Awa na iginawad ni Hesus kay
Pedro, Magdasal Tayo para ang biyaya ay tumalikod sa kasalanan.**

▷ Ang Ikalawang Misteryo ng Hapis: Si Hesus ay hinagupit

Ipinahayag ni Hesus ang pagdating ng Kaharian ng Diyos, tumawag siya ng pagsisisi, at batay sa pagpapakumbaba at pagtitiwala pinatawad ang mga kasalanan ng lahat ng tao na pumunta sa Kanya. Ito ang gawa ng awa na ipinagkatiwala ni Kristo sa Simbahan hanggang sa katapusan ng mundo. Si Pedro na nagkanulo kay Hesus, ay binigyan ng kapangyarihan na magpatawad ng mga kasalanan. Ang mga Kristiyano na tumanggap ng sakramento ng pagkakasundo, at nagpapatuloy ng kanilang buhay pagkatapos nang paulit-ulit na iniahon pagkatapos magkasala, ang saksi sa mundo tungkol sa misyon ng Simbahan na magpatawad.

**6. Ang pagkakaisa ng Pananampalataya at Buhay, Pagsasagawa ng
Pagmamahal at Paglilingkod
(Isang praktikang kamalayan ng pananampalataya)**

Ang praktikang kamalayan ng pananampalataya ay may malapit na kaugnayan sa kanyang cognitive aspect; nagbibigay ito sa atin ng kamalayan ng malalim na

pagsasaliw ng 'karunungan' at 'gawa'. Ang isang tao na sanay na makaramdam ng paghihiwalay ng pananampalataya at buhay, dahil nga sa kaya niyang iakma ang pananampalataya sa bawa't isang pangyayari (hard questions) gamit ang mapagmahal na puso, ay natututo sa kanyang pang-araw-araw na buhay na ang 'pananampalataya ay isang bagay na nagbibigay ng kahulugan'. Yan ang 'pananampalatayang nagpapahayag ng sarili sa pamamagitan ng pagmamahal' (Galatians 5:6). Ang pagmamahal mismo ang nagbibigay sa atin ng kakayahan na maunawaan ang pananagutan na isabuhay ang pagmamahal.

Tayo rin sa bawa't araw ay magpasan ng ating krus at sumunod sa

Panginoon

▷ Ang Ika-apat na Misteryo ng Hapis: Pinasan ni Hesus ang krus

Si Kristo, na dahil sa Pagmamahal ay 'masunurin hanggang kamatayan—kahit na kamatayan sa krus (Philippians 2:8), ay Diyos na ginawang mapagpakumbaba. Ang krus ni Kristo, dahil ito ay udyok ng pagmamahal, ay simbolo ng sakripisyo na ginawa dahil sa pagmamahal. Sa ngayon, malaking gawain at maraming sakripisyo ang kinakailangan upang maipagtanggol ang buhay ng tao, karapatang pang-tao, kapayapaan, ang kapaligiran, ang iba pang bagay na pinahahalagahan magpakaylan man, at ang mamuhay ayon sa Bibliya. Isang uri ng pamumuhay na nagsasalarawan ng pagpasan ng krus para sa pagmamahal, katarungan at kapayapaan ang siyang nagiging saksi sa isang pananampalataya na makakakuha ng tiwala ng mga tao sa panahon natin ngayon.

Ialay natin ang lahat sa ating araw-araw na pagtulad sa pagmamahal ni

Hesus na inialay ang lahat

▷ Ang Ika-limang Misteryo ng Liwanag: Itinalaga ni Hesus ang sakramento ng Yukaristiya sa Huling Hapunan

Hinati-hati ni Hesus ang tinapay at alak sa kanyang mga kapatid at ginawa niya itong sagradong 'Katawan at Dugo,' isang hudyat ng pagmamahal na sumasakop sa lahat at ang pag-aalay sa pagitan ng Diyos at tao. Sa ating paglahok sa Misa, tinatanggap natin ang pagmamahal ng Ama, napapalalim ang ating pagtingin sa paninindigan ng Simbahan na sagipin ang lahat ng tao, at tayo ay napagbabago at napananariwa muli. Ang ating pasasagawa ng pang-araw-araw na sakripisyo

at pagtulong sa iba ay tahimik na saksi sa katotohanang ang pagmamahal ng Diyos ay siyang nagtataguyod ng buhay at siyang pinanggagalingan ng lakas at tapang na mabuhay.

7. Ang Biyaya, Saya at Kapayapaan ng Kaligtasan (Isang Mapagsagip na kamalayan ng pananampalataya)

Ang Kamalayan ng Pananampalataya ay may 'Mapagsagip na Kamalayan'. Ito ay kamalayan ng pananampalataya na nanggagaling sa karanasan ng pagsagip sa ating sariling buhay. Itong kamalayan ng pagsagip na ito ay binigyan ng kahulugan sa pamamagitan ng pagiging malaya sa pagdurusa at pagkabahala, at nagiging kapangyarihan upang maibalik ang buhay.

**Magsikap tayo na ang Biyaya ng Kaligtasan ay maibigay sa Lahat ng Tao
Let Us Work towards the Grace of Salvation Being Given to All People.**

- ▷ Ang Ika-limang Misteryo ng Hapis: Namatay si Hesus sa Krus
The fifth sorrowful mystery: Jesus dies on the cross.

Ang kamatayan ni Hesus ay isang pag-aalay na sumasaksi sa Pagmamahal ng Diyos. Ang pagpapahayag ng pagmamahal ng Diyos ay hindi lamang para sa ating kaligtasan kundi para sa kaligayahan ng lahat ng tao. Magsikap tayo upang mas maraming tao hangga't maaari, lalo na yung mga nagdurusa, yung mga nababalot ng lungkot, yung mga mahihirap ay makakatagpo kay Kristo.

**Hanapin natin ang Kaharian ng Langit at hingin ang biyaya ng pagpasok sa
kaligayahang walang hanggan.**

- ▷ Ang Ika-apat ng Misteryo ng Luwalhati: Si Maria ay dinala sa langit

Ang mga Kristiyano na kasama ni Maria na nagninilay-nilay sa muling pagkabuhay ni Kristo ay alam kung bakit sila ay binigyan ng handog ng pananampalataya, nalalaman nila kung ano ang kanilang pinaniniwalaan at nararanasang ligaya sa pananampalatayang iyon. Ito ang dahilan kung bakit ang pamumuhay para sa iba sa mundong ito, at ang matiyagang pagsisikap na maihatid ang ebanghelyo sa Lipunan, ang siyang batayan ng buhay na pag-asa na lumalampas sa mundong ito. Magdasal tayo na ang mapagmahal na

pamumuhay, na naglalagay ng ating pag-asa sa buhay na walang hanggan, ay magiging ating kaligayahan.

8. Pag-asa – Daloy ng Buhay

(Isang mapagbuong kamalayan ng pananampalataya)

Para masagot ang tanong na, “Ang pananampalataya mo ba ay naging istorya ng iyong buhay?” ang bawa’t isang tao ay dapat na magsikap na balikan ang kanilang buhay upang makita kung ang pag-asa ba, at pagpapasalamat sa, Diyos ay isang malinaw na katotohanan. Ang ‘mapagbuong’ kamalayan ng pananampalataya ay nag-uugnay sa nakalipas at sa kasalukuyan, sa pananampalataya at pansariling pagkakakilanlan, doktrina at buhay, pananampalataya at paggawa. Ang sulid ng kasalanan at kaligtasan na tumatakbo sa buong buhay ay hinabi bilang isa kabuuan upang makabuo ng isang istorya ng buhay. Ang sabi ni Juan Pablo II, “Ang simpleng pagdarasal ng rosaryo ay tumatatak sa daloy ng buhay.” (Angelus address, October 29, 1978).

Ialay natin sa Diyos ang ating buhay sa araw-araw

▷ Ang Ika-apat na Misteryo ng Tuwa: Inialay ni Maria si Hesus

Sa huling dalawang pagninilay ng mga ‘Misteryo ng Tuwa’ ang Tawang nadarama ay nahahaluan na ng hudyat ng mga trahedyang susunod na mangyayari. Ang batang itinalaga sa templo ay naging “isang hudyat na pagsasabihan ng masama” at ang hula na isang ispada ang tatagos sa puso ng kanyang ina ay sasabihin din. Kahit na nasa gitna ng mga sakripisyo at problema, si Maria ay nagpapakita sa atin ng isang huwaran ng tunay na naniniwala na, nabubuhay araw-araw ng may pagmamahal, sumasagot ng ‘Amen.’ Sa pag-aalay ng ating araw-araw na buhay batay sa pananampalataya, tayo rin ay makakasama sa planong kaligtasan ng Diyos.

Isabuhay natin ang pananampalataya nang hindi natatakot na hindi maunawaan o maalipusta

▷ Ang Ikatlong Misteryo ng Hapis: Kinoronahan si Hesus ng Tinik

Habang hinaharap ang lahat ng uri ng tukso at pag-alipusta lumaban si Hesus

sa lahat ng kasalanan ng tao. Ito ay dahil sinabi niya sa Ama, “hindi aking pasya, kundi ang iyo na dapat magawa” (Lukas 22:42). Kahit na ang maka-bibliyang mga pinahahalagahan, na inilalagay ang pag-asa sa Diyos na hindi nakikita, ay hindi pinapansin sa kasalukuyang walang-diyos na lipunan, tuloy tayong nagpapasyang mabuhay na ayon sa mga ito.

9. Ang Pagtingin ng propeta

(Isang mapanuring kamalayan ng pananampalataya)

Dahil sa kanilang kaalaman tungkol sa kaligatasan ayon sa pananampalataya, ang mga Kristiyano ay pinagkalooban ng isang kapangyarihan na magdesisyon nang tama at tinutulungan pa ng intuitive sense na mapag-isipan ang mga bagay-bagay na laban sa pagmamahal ng Diyos. Ito ang kritikal na bahagi ng kamalayan ng pananampalataya, pareho sa paraan ng pagtingin ng mga propeta.

Maging saksi tayo na tapat sa mga salita ni Hesus at kasama ang pagbabagong anyo (transfiguration) na nakaukit sa ating mga puso

- ▷ Ang Ika-apat na Misyteryo ng Liwanag: Ipinakita ni Hesus ang kanyang anyong may kaluwalhatian sa bundok ng Tabor

Sa pag-uutos sa kanyang mga disipulo na “Makinig sa Kanya,” inihanda sila ng Ama na saksihan ang pasyon ng kanyang Anak. Sa mga panahong may mga kaguluhan nakakaranas tayo ng lakas ng Espiritu Santo na nagmumula sa maluwalhating Kristo. Sa kasalukuyang panahon ng pag-uusig na inaayawan ang pagmamahal ng Diyos, tibayan natin ang aking pagsunod sa daan ni Hesus.

Maging palagi tayong gising at magdasal na hindi madala ng tukso

- ▷ Ang Unang Misteryo ng Hapis: Ang paghihirap ni Hesus

Naranasan ni Kristo ang napakabigat na paghihirap sa pagharap sa kagustuhan ng Ama. Ang mga tukso na hinaharap ng mga Kristiyano sa kasalukuyan ay nakatuon sa naniniwala mula sa kalooban sa imbes na sa institusyon ng Simbahan; minsan ang mismong kaligtasan na hinahanap ng mga Krsitiyano ay nagsisimulang maging secular (secularized). Upang malampasan itong tukso ng

secularism tayo ay dapat palaging handa at nagdarasal kay Hesus.

10. Pakikiisa at serbisyo na nagpapatubo ng talbos ng pananampalataya (Isang makalipunang kamalayan ng pananampalataya)

Upang maseguro ang ating sariling pananampalataya, sinusunod natin ang gawain ng ibang Kristiyano tungkol sa kamalayang pananampalataya. Ang kritikal na kamalayan ng pananampalataya ay lumalago upang maging makalipunang kamalayan ng pananampalataya ng Simbahan.

Magsaya tayo nang sama-sama, pinupuri ang darating na kaligtasan

▷ Ang Ikalawang Misteryo ng Tuwa: Bumisita si Maria kay Elisabeth

Dahil sa nasa sinapupunan ni Maria si Hesus, “lumukso sa tuwa” si Juan (Lukas 1:44) sa pagkakarinig ng tinig ni Maria. Ang pananampalatayang Kristiyano ay buhay sa mga taong nakikibahagi nito. Ibig sabihin nito ay ibinibigay ang saya ng pananampalataya sa maraming tao at ibinabahagi ito sa kanila. Magtulungan tayo sa paghanap ng iba pang mga punla ng Bibliya at tulungan silang lumago nang mas malaki.

Magsikap tayo upang ang lahat ng tao na naghahanap ng kaligtasan ay mapalapit kay Hesus na Anak ng Diyos

▷ Ang Ika-limang Misteryo ng Kaluwalhatian: Maria naging ina ng lahat ng tao

Ang misyon na maging saksi ay hindi makakaiwas sa biyaya ng pananampalataya na ibinigay sa atin ng Diyos. Ang komunidad ng mga naniniwala ay hindi lamang basta grupo ng mga tao, sa huling pagsusuri ito ay isang lugar na inalagaan nang husto ng biyaya ng Diyos na kinumisyon para sa ebanghelisasyon. Ang aking sariling kamalayan ng pananampalataya ay makadadagdag sa pinagsasaluhang kamalayan ng pananampalataya ng komunidad.

11. Kabuoan ng loob para sa Bagong Ebanghelisasyon (Isang Pneumatological ⁽²⁾ na kamalayan ng pananampalataya)

Ang kamalayan ng pananampalataya na nagmumula sa Espiritu ni Kristo ay nagbibigay sa atin ng kakayanan na matagalan nang may tapang, responsibilidad at magkaroon ng dakilang kalayaan para sa gawaing pagpapatupad ng Kaharian ng Diyos.

Puno ng Espiritu Santo, sana ay palagi tayong magkaroon ng tapang na maging taong nagpapalawak ng Bibliya ng kaligtasan

- ▷ Ang Ikatlong Misteryo ng Kaluwalhatian: ang pagbaba ng Espiritu sa mga apostoles

Nagbigay ang Espiritu Santo sa mga apostoles ng pagnanasa na isabuhay ang turo ni Hesukristo at ang tapang na makaya ang anumang paghihirap na dala nito. Tayo, bilang mga katulong ng Espiritu ni Kristo, na tumanggap ng bokasyon na maging saksi sa pagmamahal ni Kristo at dapat alamin sa ating kalooban ang mga handog, mga handog mula sa Diyos o charisms, na ibinigay sa atin para sa paglilingkod sa kaligtasan. At pagkatapos, maaari natin itong paunlarin bilang komunidad ng Simbahan upang makagawa ng ‘bagong pananalita at pamamaraan’ para sa ‘bagong pag-e-ebanghelyo’ na siyang magagamit, at mabisa sa kasalukuyang lipunan.

► **Pananampalataya, Pag-asa at Pagmamahal**

‘Pananampalataya, Pag-asa at Pagkakawang-gawa’ ay ang tradisyunal na hanay ng mga theological virtues, at totoo na mula sa pananampalataya tayo ay tunay na Makakaasa at makakagawa tungo sa lubusang Pagmamahal. Tunay din na, sa ilang hangganan, bagama’t nangyayari din ang kabaligtaran nito; kung saan may Pag-asa at Pagmamahal ang punla ng Pagkakawang-gawa ay nagsisimulang tumubo at ang taong umaasa sa pagtagumpay ng pagmamahal, palaging nagsusubok na maisaloob ang tunay na pagmamahal, ay dinadala sa pananampalataya. Ito ay gumagana araw-araw sa mga gawaing Pangkawang-gawa upang ang Pag-asa ang maging pundasyon ng Pananampalataya.

Idineklara ni Papa Benedicto XVI ang ‘Taon ng Pananampalataya’ mula Oktubre ng kasalukuyang taon. Ang ‘Taon ng Pananampalataya’ ay nagsimula nung ika-limampung anibersaryo ng pagbubukas ng Vatican II, nung Oktubre 11, 2012 at matatapos sa pista ng Kristong Hari sa Nobyembre 24, 2013. (Ito ay ipinahayag

sa *Motu proprio*, “*Porta fidei* – Pagpapahayag ng ‘Taon ng Pananampalataya’ ni Papa Benedicto XVI nung Octubre 11, 2011.)

Sa taong ito sana tayo, na mga may pananampalataya sa Diyosesis ng Kyoto, na magpapatupad ng temang ‘Pagsaksi sa Pananampalataya’, ay maghahanda para sa ‘Taon ng Pananampalataya’.

Enero 1, 2012

Notes

- (1) Ang lahat na ginamit na quotations ng bibliya at kinuha sa The Holy Bible, New International Version, Biblica Inc., 1973.
- (2) Ang ‘Pneumatological’ ay isang mahirap na salitang pangteolohiya nguni’t ito ay isang pang-uri (adjective) lamang at alam ko na ipinahahayag nito ang kahulugan ng ‘tungkol sa Espiritu Santo’.